## Naomi at Ruth
**(Ruth 1-4)**



Sa lungsod ng Bethlehem na nasa lupain ng Juda, ay nakataira  mag-asawang Elimelech at Naomi at ang kanilang mga anak na lalaking sina Mahlon at Chillion. Sila ay mga sumasamba sa Diyos kasama ang kanilang mga kamag-anak, mga kaibigan at iba pang mga Israelita.

Nang panahong iyon, nagkaroon ng matinding taggutom sa bayan kaya't minabuti ni Elimelec at Naomi na lumipat mula sa Betlehem patungo sa lupain ng Moab upang humanap ng pagkain. Hindi tulad nila, ang mga tao sa Moab ay sumasamba sa mga diyos-diyosan.

Sa kanilang pananatili sa Moab, sumapit ang trahedya sa kanilang pamilya. Namatay si Elimelec, at naiwan si Noemi na isang balo kasama ng kaniyang dalawang anak na lalaki. Dumating ang panahon na ang mga anak na lalaki ay nagpakasal sa mga babaeng Moabita, ang isa sa kanila ay nagngangalang Ruth, at ang isa ay Orpah.

Makalipas pa ang ilang taon, sa kasamaang-palad, pumanaw sina Mahlon at Chillion, at iniwan si Naomi, si Ruth, at si Orpah na mga balo. Nang marinig ni Naomi na tapos na ang taggutom sa Israel, nagpasiya siyang bumalik sa Bethlehem sa kaniyang pamilya. Hinimok niya ang kanyang mga manugang na babae na manatili sa Moab at mag-umpisa ng bagong buhay, umaasa na makakahanap sila ng mga asawa roon. Si Orpah ay luhaan ngunit bumalik sa kanyang pamilya, habang si Ruth ay nagdesisyon na manatiling sumama kay Naomi. Ipinangako niya ang kanyang katapatan at sinabi, "Kung saan ka pupunta, doon ako pupunta; kung saan ka titira, doon ako titira; ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Diyos ay magiging aking Diyos".

Naglakbay sina Naomi at Ruth pabalik ng Bethlehem. Nang dumating sila doon, simula na ng anihan ng sebada. Isang araw nagpaalam si Ruth kay Naomi na mamumulot siya ng mga nalaglag na uhay mula sa mga tagapag-ani sa bukid ng taong magpapahintulot sa kanya. Pinayagan niya ito.

Sa pagkakataong ito, napunta si Ruth sa bukid ni Boaz. Si Boaz ay mayaman at iginagalang sa kanilang bayan. Siya ay kamag-anak ni Elimelec, ang pumanaw na asawa ni Naomi.

Nakita ni Boaz si Ruth at natuklasan niyang siya ang kasama ni Naomi nang bumalik ito sa Bethlehem. Napansin din niya ang kasipagan ni Ruth at nabalitaan ang kanyang mabuting pakitungo kay Naomi kaya't ipinag-utos niya sa kanyang mga manggagawa na mag-iwan ng karagdagang butil para sa kanya. Nagpakita rin siya kay Ruth ng kabaitan at proteksyon, sinabihan niya ito na huwag ng pumunta sa bukid ng iba at doon na lamang mamulot kasama ang kaniyang mga manggagawang babae. Nagpasalamat si Ruth sa kabutihan ni Boaz.

Umuwi si Ruth at ipinakita kay Naomi ang naipong sebada. Natuwa si Naomi nang marinig ang kuwento ni Ruth sapagkat ang bukid na kanyang napuntahan ay ang bukid ni Boaz. Patuloy na namulot si Ruth kasama ng mga gumagapas sa bukid ni Boaz hanggang sa maaning lahat ang trigo at ang sebada. Naging tapat at masunurin si Ruth sa kanyang biyenan. Inalagaan at namuhay siya sa piling ni Naomi.

Dumating ang takdang panahon at napangasawa ni Ruth si Boaz. Nagkaanak sila ng lalake at ito ay pinangalanan nilang Obed. Si Obed ang naging ama ni Jesse, na naging ama ni David, ang pinakadakilang hari ng Israel. Ito rin ang pinagmulang linya ng ninuno ng Panginoong Jesus.

Sina Naomi at Ruth ay naging pagpapala sa isa't-isa.

Ang Diyos ay gumagawa, gumagabay at naglalaan para sa mga nagtitiwala sa Kanya. Matututuhan natin sa kwentong ito ang kahalagahan ng pagtitiwala sa Diyos lalong-lalo na sa mga panahon ng pagsubok, gaya ng nakita natin kina Naomi at Ruth. Nagtitiwala ka ba ng lubos sa Diyos lalo na kapag may hinaharap kang pagsubok?

